



Pinapahaba ng Lungsod ng Brampton ang Ordinansa nito sa COVID-19 na Mandatoryong Face Mask

BRAMPTON, ON (Oktubre 1, 2021) – Kasunod ng payo ng Peel Public Health, pinapahaba ng Lungsod ng Brampton ang [Ordinansa nito sa COVID-19 na Mandatoryong Face Mask](#) hanggang Abril 1, 2022.

Sa ilalim ng Ordinansa sa COVID-19 na Mandatoryong Face Mask, ang hindi mga medikal na mask ay iniuutos sa lahat ng indoor na mga pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga scarf, bandana, neck gaiter o mga neck warmer na may mga exhalation valve ay hingi katanggap-tanggap na uri ng mga pantakip ng mukha. At sa ilalim ng ordinansa, ang mga mask ay maaari lamang tanggalin para sa pagkonsumo ng pagkain o inumin kung ang isang indibidwal ay nakaupo sa isang itinalagang lugar para sa layuning iyon.

Nagpapasalamat ang Lungsod sa mga residente para sa patuloy na paggawa ng kanilang parte, paglayo mula sa iba, pagsagawa ng mabuting kalinisan at pagsusuot ng mga mask para makatulong sa pagtigil ng pagkalat.

Para malaman ang iba pa tungkol sa wastong paggamit ng mga hindi medikal na mask at iba pang Personal Protective Equipment (PPE), bisitahin ang www.peelregion.ca.

Ang karagdagang impormasyon at mga resource para sa mga negosyo at mga operator ng pasilidad ay makukuha sa www.brampton.ca/masks.

Para sa pinakahuling mga update tungkol sa tugon ng Lungsod ng Brampton sa COVID-19, bisitahin ang www.brampton.ca/covid19.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca